



# PATNUBAY SA MISA



31 Enero 2016

Ika-4 na Linggo sa Karaniwang Panahon

Taong K

PAMBANSANG LINGGO NG BIBLIYA / PAGTATAPOS NG IEC

## TUNGKULIN MUNA

**N**gayong Ikaapat na Linggo sa Karaniwang Panahon, inaanyayahan tayong magnilay sa tapang ni Hesus sa pagtupad sa kanyang misyon. Sa kanyang bayan ng Nazaret, siya ay naharap sa pagsalungat ng mga tao. Ngunit sa halip na paghahangad ng katanyagan at papuri, naging tapat si Hesus sa kanyang misyon sa buong buhay niya. Ito rin ang dapat nating maging pangunahing kapasiyahan sa harap ng patuloy na hamon ng kapaligira't kulturang naghahangad ng kamangha-mangha at kasiyahan sa lahat ng anyo nito.

Ngayon ay Pambansang Linggo ng Bibliya. Ang pagdiriwang na ito ay isang paalaala ng kahalagahan ng nakasulat na Salita ng Diyos di lamang sa buhay ng Simbahan, kundi ng lipunan din at ng bawat sumasampalataya. Tungkulin nating malaman ito nang mahusay, isabuhay ito, at ibahagi ang kayamanan nito sa lahat.

Ngayon din ang Pagtatapos ng International Eucharistic Congress sa Cebu. Sa Eukaristiya ngayon, nawa ilagay natin ang ating pag-asa kay Hesus at kumuha ng lakas sa kanya habang itinataguyod natin ang kanyang Kaharian.



### PASIMULA



#### Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

**Panginoon, 'yong iligtas at tipunin kaming lahat upang aming mailahad ang papuri naming wagas sa ngalan mong sadyang tanyag.**

#### Pagbati

**P**– Ang biyaya at kapayapaan ng ating Diyos Ama at ng Panginoong Hesukristo ay sumainyong lahat!

**B**– At sumaiyo rin!

#### Pagsisisi

**P**– Natitipon bilang mag-anak ng

Diyos, buong tiwala nating idalangin sa Panginoon ang Kanyang pagpapatawad nang maialay natin ang Eukaristiyang ito nang may malinis na kalooban. (Manahimik sandali.)

**P**–Panginoong Hesus, ipinangaral mong ang tunay na mahalaga sa buhay ay magmahal na tulad ng ginawa mo. Panginoon, kaawaan mo kami!

**B**–Panginoon, kaawaan mo kami!

**P**–Panginoong Hesus, tinanggihan ka ng iyong sariling bayan. Kristo, kaawaan mo kami!

**B**–Kristo, kaawaan mo kami!

**P**–Panginoong Hesus, tinupad mo ang mga propesiya ng matandang panahon. Panginoon, kaawaan mo kami!

**B**–Panginoon, kaawaan mo kami!

**P**–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

**B**– Amen!

#### Papuri

**B**– Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatang ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama.

Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

### Panalangin Pambungad

**P**– Ama naming makapangyarihan, ipagkaloob mong kami’y makasamba sa iyo nang may loobing taimtim na totoo at kami rin nawa’y magmahal sa aming kapwa tao nang may damdaming ibinubunsod ng iyong Espiritu sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**– Amen!

### PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



**Unang Pagbasa Jer 1:4-5.17-19**

*Taglay sa unang pagbasa ngayon ang pagtawag ng Diyos sa propetang si Jeremias. Mahalagang natatangi ang babala laban sa mahigpit na pagsalungat na matatagpuan niya sa mga Israelita.*

*Ang karanasang ito ni Jeremias ay isa ring pagbabadya sa pagtangg kay Hesus ng kanyang sariling bayan.*

**L**–Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Jeremias

Noong paghahari ni Josias, kinausap ako ng Panginoon at sinabi niya, “Bago ka ipinaglihi, kilala na kita. Bago ka ipinanganak, itinalaga kita sa akin upang maging propeta sa lahat ng bansa.

Magpakatapang ka: humayo ka at sabihin mo sa kanila ang lahat ng iuutos ko. Huwag kang matatakot sa kanila ngayon. Pag hindi ka sumunod sa akin, lalo kang matatakot kung naroon ka na sa kalagitnaan nila. Pakinggan mong mabuti ito, Jeremias! Ang bawat isa sa lupaing ito – ang mga hari ng Juda, ang mga pinuno, ang mga saserdote, at ang buong bayan – ay sasalungat sa iyo. Ngunit gagawin kitang sintibay ng isang lunsod na naliligid ng mga muog, sintatag ng haliging bakal, o


pader na tanso. Hindi ka nila matatalo sapagkat ako ang mag-iingat sa iyo. Akong Panginoon ang nagsasabi nito.”

Ang Salita ng Diyos!  
**B**– Salamat sa Diyos!

**Salmong Tugunan** *Awit 70*

**B**–*Patuloy kong isasaysay ang dulot mong kaligtasan!*

R. M. Velez



\* Sa iyo lang, Panginoon, lubos akong nananalig, h’wag mo akong pabayaang mapahiya at malupig; tulungan mo ako ngayon yamang ikaw ay matuwid. Ako sana ay sagipin, sa daing ko ay makinig. **B.**

\* Ikaw nawa ang muog ko at ligtas na kakanlungan, matatag na kublisan ko at matibay na sanggalang. Sa lahat ng masasama, O Diyos, ako’y ipaglaban, sa kuko ng mababagsik, huwag mo akong pabayaang. **B.**

\* Panginoon, sa iyo ko inilagag ang pag-asa, maliit pang bata ako, sa iyo’y may tiwala na; sa simula at mula pa wala akong inasahang mag-iingat sa sarili, kundi tanging ikaw lamang; kaya naman ikaw, Poon, pupurihin araw-araw. **B.**

\* Pagkat ikaw ay dakila, patuloy kong isasaysay, maghapon kong ihahayag ang dulot mong kaligtasan: sapul pa sa pagkabata ako’y iyong tinuruan, hanggang ngayo’y sinasambit ang gawa mong hinangaan. **B.**

**Ikalawang Pagbasa I Cor 12:31-13:13**

*Ang ikalawang pagbasa ngayon ay ang bantog na sipi na binansagang “Papuri sa Pag-ibig.” Ang labing-apat na taludtod na ito ay siyang pinakamaganda’t naghahamong komentaryo sa kautusang ni Kristong mahal ang ating kapwa, na tulad ng ginawa niya.*

**L**–Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga Taga-Corinto

**Mga kapatid: Buong taimtim ninyong nasain ang mga kaloob na**

lalong dakila. At ngayo’y ituturo ko sa inyo ang pinakamabuti sa lahat.

Makapagsalita man ako sa mga wika ng mga tao at ng mga anghel, kung wala naman akong pag-ibig, para lamang akong batingaw na umaalingawngaw o pompiyang na tumataginting. Kung ako man ay makayahang maghayag ng salita ng Diyos at umunawa sa lahat ng hiwaga, kung mayroon man ako ng lahat ng kaalaman at ng malaking pananampalataya anupat napalilipat ko ang mga bundok, ngunit wala naman akong pag-ibig, wala akong kabuluhan. Ipamigay ko man ang lahat kong ari-arian, at ialay ko man ang aking katawan upang sunugin, kung wala naman akong pag-ibig, walang kabutihang maidudulot ito sa akin!

Ang pag-ibig ay matiyaga at magandang-loob, hindi nananaghili, nagmamapuri, o nagmamataas, hindi magaspang ang pag-uugali, hindi makasarili, hindi magagalitin, o mapagtanim sa kapwa. Hindi nito ikinatutuwa ang gawang masama, ngunit ikinagagalak ang katotohanan. Ang pag-ibig ay mapagbata, mapagtiwala, puno ng pag-asa, at nagtitiyaga hanggang wakas.

Matatapos ang kakayahang magpahayag ng salita ng Diyos, titigil ang kakayahang magsalita sa iba’t ibang wika, mawawala ang kaalaman, ngunit ang pag-ibig ay walang katapusan. Hindi pa lubos ang ating kaalaman at ang kakayahang sa pagpapahayag ng salita ng Diyos; ngunit pagdating ng ganap, mawawala ang di-ganap. Noong ako’y bata pa, nagsasalita ako, nag-iisip at nangangatwirang tulad ng bata. Ngayong ako’y mayroon nang sapat na gulang, iniwan ko na ang mga asal-bata. Sa kasalukuyan, tila malabong larawan ang nakikita natin sa salamin, ngunit darating ang araw na makikita natin siya nang mukhaan. Bahagya lamang ang nalalaman ko ngayon; ngunit darating ang araw na malulubos ang kaalamang ito, tulad ng pagkakilala sa akin ng Diyos.

Ang tatlong ito’y nananatili: ang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig; ngunit ang pinakadakila sa mga ito ay ang pag-ibig.

Ang Salita ng Diyos!  
**B**– Salamat sa Diyos!

**Aleluya**

*Lu 4:18*

**B**–Aleluya! Aleluya!

Ikaw, Kristo, ay sinugo upang sa dukha’y magturo, magpalaya sa bilango. Aleluya! Aleluya!

**Mabuting Balita** Lu 4:21-30  
Ito ay isang malungkot na bahagi sa buhay ni Hesus. Nagbabadya ang salaysay na ito ng panghuling pagtanggaping daranasin ni Hesus sa Jerusalem at ng napakarami pang pagtanggaping sasapitin niya sa maraming siglo.

**P**—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas  
**B**—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, nagsalita si Hesus sa sinagoga: “Natupad ngayon ang bahaging ito ng Kasulatan samantalang nakikinig kayo.” Pinuri siya ng lahat, at namangha sila sa kanyang napakahusay na pananalita. “Hindi ba ito ang anak ni Jose?” tanong nila.

Kaya sinabi ni Hesus, “Walang pagsalang babanggitin ninyo sa akin ang kawikaang ito: ‘Doktor, gamutin mo ang iyong sarili!’ Sasabihin din ninyo sa akin, ‘Gawin mo naman sa iyong sariling bayan ang mga nabalitaan naming ginawa mo sa Capernaum.’” At nagpatuloy ng pagsasalita si Hesus, “Tandaan ninyo: walang propetang kinikilala sa kanyang sariling bayan. Ngunit sinasabi ko sa inyo: maraming babaing balo sa Israel noong kapanahunan ni Elias nang hindi umulan sa loob ng tatlong tao’t kalahati at magkaroon ng matinding taggutom sa buong lupain. Subalit hindi sa kaninuman sa kanila pinapunta si Elias kundi sa isang babaing balo sa Sarepta, sa lupain ng Sidon. Sa dinami-dami ng mga ketongin sa Israel noong kapanahunan ni Eliseo, walang pinagaling isa man sa kanila; si Naaman pang taga-Siria ang pinagaling.”

Galit na galit ang lahat ng nasa sinagoga nang marinig ito. Nagtindingan sila, at ipinagtabuyan siyang palabas, sa taluktok ng burol na kinatatayuan ng bayan, upang ibulid sa bangin.

Ngunit dumaan siya sa kalaigtaan nila at umalis.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

**B**—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

## Homiliya

### Sumasampalataya

**B**—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inililing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumaog. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

### Panalangin ng Bayan

**P**— Sa Bautismo, naging kabahagi tayo ng misyon ni Hesus. Nakabatid sa kahirapan ng pagiging tapat na propeta sa ating lipunan, manalangin tayo:

**B**—Panginoon, pagtibayin Mo kami!

\* Na ang buong Simbahan, sa ilalim ng kanyang mga namumuno, ay makatupad sa kanyang misyong magpahayag ng Salita ng Diyos sa lahat ng tao, manalangin tayo! **B.**

\* Na lahat ng mananampalataya ay tapat na tumupad sa kanilang tungkulin bilang mga propeta ng Diyos sa kani-kanilang lugar, manalangin tayo! **B.**

\* Na ang mga pinag-uusig dahil sa kanilang kapangakuang magtaguyod ng katarungan ay buong tapang na magsikap sa kanilang misyon, manalangin tayo! **B.**

\* Na magtagumpay sa kanilang kapuri-puring gawain ang mga nagsisikap para sa pagkakasundo, manalangin tayo! **B.**

\* Na ang mga nahihirapang magmahal na tulad ng ginawa ni Kristo ay magpunyagi nang di nakalilimot na ang pagmamahal ay siya pa ring mahalaga sa buhay na ito at sa kabilang buhay, manalangin tayo! **B.**

\* Na, sa pagtatapos ng *International Eucharistic Congress* sa Cebu ngayong araw, lahat

ng Katoliko ay pagpahalagahan ang presensiya ni Hesus sa Eukaristiya, tanggapin ang kanyang Katawan at Dugo, at ipagpatuloy ang kanyang misyong magligtas, manalangin tayo! **B.**

\* Na, sa pagdiriwang natin ng Pambansang Linggo ng Bibliya, ito ay ituring nating hamon na basahin ang Salita ng Diyos araw-araw, pakinggan ang Kanyang mensahe, at isabuhay ito, manalangin tayo! **B.**

\* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. (*Tumigil sandali.*)

Manalangin tayo! **B.**

**P**—Panginoon, bigyan Mo kami ng tapang, dunong, at katapatan sa aming misyong maging propeta sa harap ng panunuligsa at pagpapahirap. Ikaw na nabubuhay at naghahari nang walang hanggan.

**B**—Amen!

### PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



**P**—Manalangin kayo . . .

**B**—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

### Panalangin ukol sa mga Alay

**P**—Ama naming Lumikha, ang mga alay na ngayo’y aming iniha-handa sa hapag na ito na iyong dambana ay iyong tanggapin at gawaran ng pagpapala upang mapagsaluhan namin ang kaligtasan mong ginawa sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**—Amen!

### Prepasyo II

**P**—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat na pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Lubhang nabagbag ang kanyang loob sa pagkakamali ng tao sa sansinukob, kaya’t minabuti niyang siya’y ipanganak ng Birheng bukod mong pinagpala sa babaing lahat. Sa labi ng imbing kamatayan kami ay inagaw ng namatay mong Anak. Sa pagkabuhay niya, kami’y kanyang binuhay upang kaugnayan namin sa iyo’y

huwag magwakas.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B**– Santo, santo, santo . . .

#### Pagbubunyi

**B** –Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.

#### PAKIKINABANG



**B**– Ama namin . . .

**P**– Hinihiling namin . . .

**B**– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

#### Paanyaya sa Kapayapaan

#### Paghahati-hati sa Tinapay

**B**– Kordero ng Diyos . . .

#### Paanyaya sa Pakikinaabang

**P**– Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

**B**– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

#### Antipona ng Pakikinaabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Ang mukha mong maawai'y pasinagin mo sa amin. Kami ay iyong kupkupon at huwag mong siphayuin ang hiling nami't dalangin.

#### Panalangin Pagkapakinabang

**P**– Ama naming mapagmahal, kaming nagsipakinabang sa piging ng aming kinamtang kaligtasan ay humihiling na iyong bigyang kaunlaran sa pananampalatayang wagas kailan man sa tulong ng panubos na ngayo'y iyong bigay sa pamamagitan ni Hesuskristo

kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**– Amen!

#### PAGWAWAKAS



**P**– Sumainyo ang Panginoon.

**B**– At sumaiyo rin!

**P**– Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (*Manahimik sandali.*)

Tulutan nawa ng Panginoong kayo'y maging karapat-dapat na kasangkapan ng Kanyang pagmamahal.

**B**– Amen!

**P**– Magkaroon nawa kayo ng mas malalim na pagpapahalaga sa kaloob Niyang buhay.

**B**– Amen!

**P**– Nawa'y palakas in Niya kayo sa harap ng pagsubok at gawing matalino sa inyong pagpapasiya.

**B**– Amen!

**P**– Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama at Anak at Espiritu Santo.

**B**– Amen!

**P**– Naialay na ang Eukaristiya. Humayo na kayo sa kapayapaan ni Kristo!

**B**– Salamat sa Diyos!

### MGA TAGAPAGPAHAYAG NG PANANALIG, PAG-ASA, AT PAG-IBIG

Ang mga propeta ay mahiwagang uri ng tao. Malimit na pahirap sa kanilang sarili at sa iba, sila ang mga mapanuring konsiyensiya ng bayan ng Diyos at ng sangkatauhan. Ang tingin nila sa mga tao, pag-uugali, at pangyayari ay gaya ng sa Diyos, na malimit na kaiba sa tingin ng karaniwang tao. Ang kanilang persepsiyon ay isang “pananaw na may pananampalataya.” Ang mga tunay na propeta ay hindi naghahangad ng kabantugan, kundi katapatan sa paglilingkod sa Diyos. Kaya nga, ipinakikita nilang sila ay mga **taong may pananampalataya**.

Ang mga propeta ay mga **taong may pag-asa**. Sa mga sitwasyon mang ipinalalagay na “walang pag-asa,” ang mga tunay na propeta ay nakatatanaw nang lampa sa kaharap na krisis. Nakabalangkas sila ng lalong mabuting pamamaraan at nakatatanaw sila ng pag-asa, kung mga makasalanan lamang ay magsisisi at magbabalik sa Panginoon. Ang kanilang pag-asang ibinabahagi sa iba ay nakaugat hindi sa ano mang kagalingan ng tao kundi sa habag ng Diyos at katapatan sa Kanyang mga pangako.

Higit sa lahat, ang mga propeta ay mga **taong may pag-ibig** – matibay at tapat na pag-ibig sa Diyos at sa lahat ng tao. Dahil sa pag-ibig sa Diyos at sa kapwa kung kaya sila gumagawa ng mga propesiya. Sila'y puspos ng kaluwalhatian ng Diyos. Ang kanilang hangad para sa tunay na kagalingan ng kanilang bayan ay siyang nag-uudyok sa kanilang isumpa ang kasamaan, maging tagapagtanggol sa mga naaapi, tinig ng mga walang tinig, ano man ang mangyari. Tunay ngang mahirap at mapanganib ang buhay ng isang propeta.

Malimit na di nauunawaan ng mga tao ang mensahe ng mga propeta. Tinatanghian nila ang pagbabalik-loob na ipinananawagan. Kung minsan, tinatanghian nila ang mga propeta mismo, at kung minsan di'y pinagtatangkaan pa ng masama ang mga ito. Batid na ni Jeremias ang lahat ng ito nang una pa man siyang tinawag. (*Sangguniin ang Unang Pagbasa.*) Alam na ito ni Hesus, ang pinakadakila at pinakatapat sa lahat ng propeta, bago pa man siya ipinanganak. Sa kung ilan nang pagkakataon, napatunayan niya ang kasabihang “walang propetang kinikilala sa kanyang sariling bayan.” Gayunman, hindi siya umurong. At ito'y sa isa lamang dahilan: ang kanyang dakilang pag-ibig sa Ama at sa lahat ng tao. Ang krus ay siyang pinakamalinaw na tanda ng pagtatakwil kay Kristo ng mga taong hinangad niyang tulongan para matupad ang kanilang mga pag-asa, ngunit siya ring pinakadakilang tanda ng kanyang matapang at bukas-palad na pag-ibig sa lahat.

Tayong mga Kristiyano ay kabahagi sa propetikong misyon ng ating Puno. Dapat nating ipagpasaalamat ang ganitong pribilehiyo at isabuhay ito nang buong tapang, nang di nasisindak ng mga maling pagpapalagay, masamang halimbawa, at paglaban. Kapag nangyari ang mga ito, alalahanin natin ang kanyang sinabi: “Mapalad kayo kapag dahil sa aki'y inaalmura kayo ng mga tao, pinag-uusig at pinagwiwikaan ng lahat ng uri ng kasamaan . . . Magdiwang kayo at magalak, sapagkat malaki ang inyong gantimpala sa langit.” (*Mt 5:11-12*)



WORD & LIFE  
PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, Sr. F. Santos, SMI, G. Ramos, R. Molmog, D. Daguió,

V. David • Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: F. Edjan